Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG INTERYOR AT LOKAL NA PAMAHALAAN**
DILG-NAPOLCOM Center, Panulukan ng EDSA at Quezon Avenue, West Triangle, Lungsod Quezon
www.dilg.gov.ph

Setyembre 08, 2021

**MARIO N. NILLOS**
Pambansang Pangulo
League of Local Planning and
Development Coordinators of the Philippines, Inc.
28th Floor Unit 2803 Summit One Tower Building
Quezon Avenue, Quezon City

**Ginoong Nillos:**

Bilang bahagi nang patuloy na pagpapatibay ng kapasidad at kakayahan ng mga pamahalaang lokal, ang Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan (DILG) ay magsasagawa ng ***FY 2021 E-Learning Session: Peacebuilding and Recovery from the Pandemic – Redirecting Priorities and Shaping Local Strategies*** upang ibahagi sa mga pamahalaang lokal at *local planners* ang ilan sa mga bagong patnubay para sa mas maayos na pagpaplanong pangkaunlaran sa kani-kanilang nasasakupan.

Para sa taong ito, ang pokus ng *forum* ay ang mga polisiya at *Knowledge Products* ng Kagawaran na sumusuporta sa mga prayoridad na inisyatibong pangkapayapaan at pagbangon sa epekto ng pandemya na nailunsad bunga ng pakikipagtulungan sa ibat-ibang mga ahensiya at institusyon.

Kaugnay rito ay nais namin kayong imbitahan bilang kinatawan ng Liga ng mga *Local Planners and Development Coordinators* upang magsilbing isa sa mga reaktor sa nasabing *forum* na gaganapin sa **17 Setyembre 2021, 9:00 hanggang 11:45 ng umaga** sa pamamagitan ng Zoom na may detalyeng:

**Meeting ID**: 956 7979 5978
**Passcode:** 207300

Bilang reaktor, kayo ay inaasahang magbigay ng komento at pananaw sa mga paksang tatalakayiin sa naturang *forum*. Ang mga kaukulang dokumento ay aming ibabahagi bago ang nasabing aktibidad para sa inyong karagdagang impormasyon at sanggunian. Kung maaari ay ipalaganap din ninyo ang imbitasyong ito para sa impormasyon at kaalaman ng mga miyembro ng inyong organisasyon.

Ang Kawanihan ng Pagpapaunlad sa Pamahalaang Lokal (BLGD) ng Kagawarang ito ay makikipag-ugnayan sa inyong tanggapan para sa ibang pang detalye ng gaganaping *forum*.

Para sa mga katanungan o kumpirmasyon ng pakikilahok, maaring makipag-ugnayan ang inyong tanggapan kay Jenifer G. Galorport ng DILG-BLGD sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa ldpd_blgd@yahoo.com.

Kalakip ang Programa ng *forum* para sa inyong impormasyon at patnubay.

Lubos na sumasainyo,

**MARLO L. IRINGAN**
Pangalawang Kalihim para sa Pamahalaang Lokal

Kalakip: Program of Activities
OUSLG/MLI/BLGD/jjac